

Her instinct told her to run, but her body wouldn't move.

“Jeremy Salceda, you will never get what you want as long as I'm the one running this company. And Lian is a smart woman. Alam niya kung sino ang pagkakatiwalaan at kung sino ang hindi!”

“Really, Federico? Well, there's only one way to find out,” mahinahong turan ng estrangherong lalaki saka ipinutok ang hawak na baril sa matanda.

Kagat ni Lian ang dila para hindi mapasigaw. Pero sa sobrang takot at gulat ay hindi niya naiwasang matabig ang isang vase sa kalapit na table, dahilan para mapalingon sa gawi niya ang tatlong lalaki.

“Who's there?” Boses iyon ng lalaking may hawak na baril.

Hindi na hinintay ng dalaga na makalapit pa sa kanya kahit anino man lang ng mga ito. Mabilis siyang tumakbo palabas upang takasan ang mga ito. Saglit siyang huminto upang tanggalin ang mga sapatos saka ipinagpatuloy ang pagtakbo. Kahit ang sariling luha ay hindi na niya namalayang tumutulo sa mga pisngi. Para bang namanhid ang buo niyang katawan. Isa lang ang tumatakbo sa utak niya sa mga panahong iyon. Ang alamin kung sino si Jeremy Salceda!

---

Isang taxi ang papalapit sa kinatatayuan ni Lian nang makalabas siya ng building. Bitbit niya pa ang stilettos habang

nagmamadaling pinara iyon.

“Saan tayo, Ma’am?” tanong ng driver nang makasakay siya.

“I don’t know. Just drive the damn car! Get me out of here!” halos magkandabulol na utos niya rito dahil sa panic.

“Aba, mahirap iyang pinapagawa n’yo, Ma’am. Taxi driver ako, hindi manghuhula.”

Isang matalim na tingin ang ipinukol ni Lian sa gawi ng driver.

“S-sa *SM North Edsa*. I’ll give you a tip if you can bring me there in less than thirty minutes.”

“*SM North Edsa*? Ano naman ang gagawin n’yo doon, eh, sarado na ang mall ngayon?”

“Can you just drive? I’m paying you to drive, right?” iritado niyang saad.

Hindi na sumagot pa ang driver. Ipinagpatuloy na lang nito ang pagmamaneho habang sinasabayan ang mahinang tugtugin sa loob ng taxi nito. Lumuwag nang kaunti ang paghinga ni Lian nang maramdaman ang matuling takbo ng sasakyan, pero hindi niya maiwasang mainis sa taxi driver sa dami nitong tanong.

Pinipilit niyang makatulog habang nasa byahe, ngunit bumabalik sa balintataw niya ang eksena sa opisina kanina. Mayamaya pa ay isinubsob na niya ang mukha sa dalawang

kamay. Hindi na niya napigilang maiyak sa matinding buhos ng emosyon. Hanggang sa makarating sila sa sinabi niyang lugar ay nanatili siyang nakahalukip at humihikbi sa sulok ng sasakyan.

“Miss? Nasa *SM North Edsa* na tayo,” pagbibigay-alam ng driver pero hindi niya ito kinibo.

Halu-halong emosyon ang naramdaman ni Lian. There’s the feeling of grief, fear, emptiness, and revenge. Pero hindi niya alam kung alin sa mga iyon ang uunahin niyang i-entertain.

“Miss?”

“Keep driving.”

“Okay ka lang ba? Saan mo ba talaga gustong pumunta?”

“What’s your name?” tanong niya nang hindi tumitingin dito.

“I’m Gadiel.” Malugod na lumingon sa kanya ang lalaki at inilahad ang kanang kamay sa kanya, pero tinitigan lang iyon ng luhaang dalaga. “You can call me ‘Gade’.”

“Okay, Gadiel, will you keep driving?”

“Fine, pero gusto ko munang makasiguro na may pambayad ka sa ’kin.”

Noon lamang nabaling dito ang kanyang atensyon. Maganda ang tinig nito. Pakiramdam ni Lian ay ligtas at may karamay siya tuwing naririnig ang boses ng kausap kahit pa naiirita siya sa katatanong nito.

Nakatitig siya sa mukha ng kaharap, pero hindi niya maaninag ang mukha nito dahil madilim ang paligid. Idagdag pa ang luhang nagpapalabo sa mga mata niya at ang bullcap na suot ng kausap. But one thing's for sure, this one got an enigmatic aura in him.

“Ehem!” Tumikhim ito nang hindi siya kumibo.

Noon lang tumalima si Lian para kapain ang wallet niya sa loob ng dalang shoulder bag. Naglabas siya roon ng tatlong libo at iniabot sa driver.

“That’s just a down payment. Kapag naipangako mong mananahimik ka sa kabuuan ng byahe, baka bigyan pa kita ng tip,” matamlay niyang saad.

“All right!” Kahit madilim ay hindi nakalampas sa tingin niyan ang pagngisi ng taxi driver nang tanggapin ang iniabot niyang pera. “Pero saan nga tayo pupunta? Gusto mo bang libutin na lang natin ang buong Manila? Pampalipas-oras din ’yun.”

Sunud-sunod ang pag-iling ni Lian habang nakatanaw sa malayo. She couldn’t stay here. Kung alam ng mga bumaril kay Federico Castillon na siya ang tagapagmana ng mga pag-aari nito, hindi malayong siya na ang susunod na target ng mga ito.

“Kahit saan. You can drive me anywhere as long as it’s far from the city. Saan ba ang probinsya mo?” tanong niya.

“Well, laking-Maynila ako pero mas matagal akong

nanirahan sa Isabela. I really don't know if it's right to call Isabela my province but..." Awtomatikong tumigil sa pagkukuwento si Gadiel nang mapansing hindi naman siya nakikinig. "Are you by any chance in trouble?" kunot-noong tanong nito.

Tiningnan ito nang masama ni Lian. "Do you always interrogate your passengers like this?"

Hindi na sumagot ang lalaki. Sa halip ay mataman nitong pinag-aralan ang mukha niya, pagkuwa'y nagpakawala ito ng malalim na buntong-hininga. "Nag-aalala lamang kasi ako, Miss. Gusto ko lang namang makatulong. Hanggang ngayon kasi namumutla ka pa rin. May-sakit ka ba? Gusto mo bang sa hospital na lang kita dalhin?"

"Stop worrying, you're not my father," bara niya rito. "Anyway, wala pa akong maisip na magandang lugar na gusto kong puntahan. For now, just drive wherever your wheels take us. You can drive me all the way to Isabela, I won't care."